# ISA

Mag-iisang linggo na ang lumipas mula nang umuwi si Kristina sa bahay ng kanyang mga magulang sa Bario Dos sa Sultan Kudarat. Ilang oras din ang kanyang biniyahe mula Maynila makauwi lamang sa kanyang mga magulang makalipas ang ilang taon.

Noong limang taong gulang pa lamang siya ay ang tiya niya ang nag-alaga sa kanya sa Maynila, ngunit kahit na ganoon ay hindi naman nagkulang ang kanyang mga magulang at hindi rin ni minsan naputol ang pagbibigay sa kanya ng

sustento ng mga ito kahit nasa malayong lugar siya.

Lumaking mabait si Kristina na siyang turo ng kanyang tiyahin. Kaya nang malaman niyang uuwi na muna siya sa probinsya ay hindi siya nagreklamo. May mahalagang pupuntahan sa malayong lugar ang kanyang tiya at ayaw nitong maiwan siyang nag-iisa sa kanilang bahay, kaya inutos nito na magbakasyon na muna sa kanyang mga magulang tutal ay wala pa rin namang gaanong pasok sa eskuwela.

Bagaman ayaw umuwi ng dalaga ay alam din niyang sa huli ay wala pa rin naman siyang magagawa. Hindi sa ayaw niyang makita ang mga magulang, kundi dahil medyo hindi na siya gaanong komportable sa mga ito. Hindi niya kasi nakagisnan na kasama ang kanyang mga magulang sa kanyang paglaki. Ngunit siguro, sa ganitong pagkakataon ay pipilitin niya ang sarili.

Natigilan si Kristina sa pag-iisip nang may kumatok mula sa pintuan ng kanyang kuwarto. Alas siete pa lang ng umaga nang sandaling iyon.

“Anak?” tawag ng kanyang ina pagkatapos ng tatlong katok.

Agad namang napatayo mula sa pagkakaupo si Kristina at mabilis na tumungo sa pinto upang pagbuksan ang ina. “Mama, bakit po?” tanong niya saka iginiya ang ginang papasok sa loob ng kanyang kuwarto at pinaupo ito sa kama.

“Alam kong kakauwi mo lang, anak, pero p’wede ba akong humingi ng pabor sa ’yo?” tanong ng ina na siyang ikinapilig ng ulo ng dalaga.

“Ano po iyon, Mama? Bakit po parang balisa kayo?” puna niya nang makitang tila namamawis ang kanyang ina. Agad niya itong nilapitan at idinampi ang kamay sa noo nito para tingnan ang temperatura nito.

Hindi mainit ang kanyang ina ngunit ang tila butil-butil nitong pawis ay sobrang lamig.

Bahagya namang natawa ang kanyang ina ngunit hindi ito makatingin nang diretso sa kanyang mga mata.

“Wala ito. Huwag mo ’kong alalahanin, anak. Gusto sana namin ng papa mo na dumayo ka muna sa President Quirino

kung saan naroon ang lola at lolo mo. Kailangan kasi nila ngayon ng aalalay sa kanila. Dalawang araw lang naman, dahil agad din kaming susunod ng papa mo sa 'yo pagkatapos," mahabang litanya ng ginang. Kinuha pa nito ang kanyang kamay at bahagyang pinisil.

Para itong nanginginig habang pinipisil-pisil ang kanyang mga palad. Nag-aalala namang tinitigan ni Kristina ang ina at pilit na hinuhuli ng kanyang mga mata ang paningin nito. Hindi niya halos maintindihan ang kinikilos nito.

Kahit kailan ay hindi niya pa nakikilala o nakita man ang mukha ng kanyang lolo at lola. Ni hindi nga nila ito kinukuwento sa kanya at hindi niya na rin naman iyon nagawang tanungin kahit noon pa. Wala ring litrato ng matatanda ang kanyang mga magulang. Pero ngayon ay tila makikilala na niya ang mga ito sa wakas.

Napangiti ang dalaga at dahan-dahang tumango, na siya namang ikinakislap ng mga mata ng kaharap na kanina ay para bang kakaiba ang awra. Nagkatitigan silang dalawa at kitang-kita niya ang mga mata nito na namumula na para bang

hasang ng isda.

“Totoo, anak? Naku! O siya sige, mag-impake ka na at ihahatid ka agad ng iyong ama sa sakayan. Pasensya ka na at nagmamadali kami. May pupuntahan kasi kaming importanteng okasyon. Huwag kang mag-alala dahil ligtas naman ang lugar na iyon para sa ’yo, anak. Matagal ka na nilang hinihintay doon,” sabi nito dahilan upang mapaisip si Kristina.

“Matagal na akong hinihintay?” ulit niya sa kanyang ina na wari ay ikinabalisa naman nito.

Tumayo ito mula sa kaninang pagkakaupo sa tabi niya at tumungo sa tabi ng kanyang aparador. May mga damit sa ibabaw iyon. “Ang ibig kong sabihin ay gusto ka nilang makita noon pa man. Ang tagal mo kasing nawala at ni isang beses ay hindi ka pa nila nakikita. Hindi ba?” mabilis na sabi nito habang nagtutupi ng mga damit na halos tupi naman na lahat.

Tumango lang si Kristina dahil tama ang ina. Ni sa larawan ay hindi pa niya nakikita ang mag-asawa dahil nga wala namang natatagong larawan ng mga ito ang kanyang mga magulang. At hindi rin

naman naikuwento ng kanyang tiya ang tungkol sa lolo at lola niya.

Dahan-dahang tumayo si Kristina at lumapit sa kinatatayuan ng kanyang ina. “Ako na po riyan, Ma,” wika niya at umusog naman kaunti ang ginang at ngumiti.

“Sige, anak. Pagkatapos mo riyan ay lumabas ka na muna at nagluto ako ng merienda natin. Mainit pa ang banana cue at tiyak na magugustuhan mo iyon. Bibili na muna ako ng malamig na inumin kila Manang Bebang ha,” paalam nito bago dali-daling lumabas ng kuwarto at isinara ang pinto nang pagkalakas-lakas, dahilan upang mapatalon sa gulat ang dalaga.

Tiningnan niya ang pinto at hinintay na magbukas ito at iluwa ang kanyang ina na humihingi ng dispensa, ngunit wala. Pinagwalang-bahala niya na lamang iyon at nagpatuloy na lang sa paglalagay ng kanyang mga damit sa bag.

Isang maliit na travel bag lamang ang kanyang dadalhin, paglalagyan ng iilang mga damit at kung anu-ano pa ang maaari niyang kailanganin.

Naalala niya rin ang kanyang

cellphone kaya agad niya iyong sinaksak upang hindi ma-low batt. Tamang-tama mamaya bago siya umalis, puno na ang baterya niyon.

Ngunit kahit na ganoon ay hindi mawala sa kanyang sistema ang tila ba takot sa kanyang kalamnan... na para bang may mangyayaring hindi maganda.

Ipinilig ni Kristina ang kanyang ulo at napabuntong-hininga na lamang. Bakit ba kung anu-ano na lang ang tumatakbo sa kanyang isipan?

Nang matapos sa ginagawang pag-iimpake ay naisip niyang magpahangin sa bakuran. Lalabas na sana siya ng kanyang kuwarto nang may marinig siyang nag-uusap sa labas ng silid.

Sa hindi malamang kadahilanan ay nagpasya siyang hindi na muna lumabas at napatigil na lamang siya sa kanyang kinaroroonan at nakinig sa kung sino mang nag-uusap sa labas. Kung hindi siya nagkakamali ay boses iyon ng kanyang mga magulang.

“Nakumbinsi mo ba siya nang maayos? Hindi ba siya nakahalata?”

“Oo at nag-iimpake na siya. Huwag ka

nang maingay diyan at baka marinig tayo. Kailangan na niyang umalis."

Halos hindi makahinga nang maayos si Kristina at bago pa man niya mahawakan ang pinto ay agad itong bumukas at iniluwa niyon ang kanyang mga magulang na nakangiti at titig na titig sa kanya.

"Kanina ka pa riyan?" tanong ng kanyang ina at tila ba may isip ang katawan ni Kristina at agad itong umiling.

"Alam kong gutom ka na. Dali at mainit pa ang inihandang merienda," yakag naman ng kanyang ama.

Agad na tumango si Kristina at lumakad patungo sa kusina saka naupo sa harap ng mesa.

Agad namang nakaagaw ng kanyang pansin ang tugtog sa radyo.

*Every breath you take...*

*Every move you make...*

*Every bond you break, every step you take...*

*I'll be watching you...*

Kita niya ang nakahaing umuusok-usok pang banana cue; halatang bagong luto ito at may katerno pang malamig na inumin na may maraming yelo.

"Nakapag-impake ka na ba?" untag ng kanyang ama habang ipinagsasalin siya ng inumin sa baso.

Kumagat siya at tumango. "Opo, Pa," tugon ni Kristina. Sa kanyang pagnguya ay tila may nalalasahan siyang mabaho o panis kaya agad niya iyong iniluwa sa pinggan.

Nagulat naman ang kanyang mga magulang at nag-aalalang tiningnan siya. "Napaso ka ba? Hinay-hinay lang at mainit masyado," tanong ng kanyang ina at iniabot sa kanya ang baso upang uminom siya.

Tiningnan ni Kristina ang saging na kanyang iniluwa at wala naman siyang napansing kung ano roon. Napatitig siya sa kanyang mga magulang at nagulat nang mapansing nakatingin na pala ang mga ito sa kanyang gawi. Napalunok siya ng kanyang laway at agad na uminom.

Halos hindi niya malunok ang inumin sa kanyang baso dahil tila ba lasang kalawang ito, ngunit maayos naman ito kung titingnan.

Napakunot-noo si Kristina at tila naguluhan sa kanyang panlasa.

"Hindi mo ba nagustuhan ang inihanda kong merienda para sa 'yo, anak?" tanong ng kanyang ina at umiling ito.

"Gusto ko po, Ma. Baka ho nasusuka lamang ako o ano," paliwanag niya na tila ikinagulat naman ng dalawa.

"Wala ka naman sigurong nobyo roon sa Manila? Hindi mo man lang ba sinabi sa amin?" untag ng kanyang ama habang abala sa pagnguya ng kinakain.

Para bang lumalagutok ang panga nito at nagtatagpo ang mga bagang sa pagnguya at hindi iyon naririnig ng mga ito. Doon na lang din niya napansin na ang hahaba pala ng kuko ng kanyang ama.

"Naku, wala po," sagot ng dalaga. Hindi niya alam kung nakakahinga pa ba siya nang maayos nang sandaling iyon.

"Hindi ka naman siguro buntis, ano?" usisa pa ng kanyang ina at doon niya lang din napansin na tila naninilaw ang mga ngipin nito at waring malagkit ang mga laway sa gilagid.

"Hindi po, Ma," sagot niya at tumango naman ang dalawa.

"Mas magiging masaya kami kung

buntis ka nga. Pero huwag kang mag-aalala at darating ka rin diyan."

Hindi na sumagot ang dalaga at nagpaalam na lamang na gagamit muna ng banyo. Sa kanyang paglalakad ay iniisip niya ang hindi niya maintindihang ikinikilos ng kanyang mga magulang.

Nasa labas ang kanilang palikuran at nang malapit na siya sa roon ay may nakita siyang lalaki na may hawak-hawak na lubid na nakatali sa isang kalabaw. Nakatingin ito sa kanyang direksyon at kung hindi siya nagkakamali ay sa kanya ito mismo nakatitig. May kung ano sa tingin nito sa kanya.

Dahil na rin sa ihing-ihi na si Kristina ay hindi niya na lamang ito pinansin at agad nang pumasok sa banyo.

Marahil ay naninibago lamang siya sa lugar.

# DALAWA

Nag-aayos na si Kristina ng sarili dahil agad-agad din naman pala siyang aalis pagkatapos ng merienda nila. May pupuntahan raw kasi ang ama't ina kaya siya na muna ang mauuna kasi aalis din ang bantay ng dalawang matanda pagdating na pagdating niya roon.

Habang nagsusuklay ay tila nakaramdam siya ng mga titig sa kanyang likuran at nang lingunin niya, wala siyang nakitang tao roon at nakasara rin ang pinto ng kanyang kwarto.

Napabuntong-hininga na lamang siya.

Marahil ay nagugutom lamang siya kaya kung anu-ano ang nararamdaman at naiisip niya. Hindi pa kasi siya nakakakain nang maayos. Siguro ay bibili na lamang siya sa madadaanan niya mamaya upang makakain siya habang nasa biyahe.

"Mag-iingat ka roon, anak. Huwag mong bibigyan ng sakit sa ulo ang lolo at lola mo, ha. Susunod din kami kaagad," bilin ng kanyang ina at saka siya nito hinalikan sa pisngi.

Malamig ang mga labi ng kanyang ina at inisip ni Kristina na baka uminom lamang ito kanina ng malamig na inumin.

Pagkatapos nilang magpaalam sa isa't isa ay iginiya na siya ng kanyang ama sa sasakyan upang ihatid.

Inihatid siya nito sa sakayan ng tricycle dahil iyon lamang ang masasakyan papuntang President Quirino bukod sa habal-habal. Pero mukhang babagsak ang ulan kaya mas pinili ni Kristina ang tricycle. Madilim masyado at ayaw na ayaw niyang nababasa ng ulan dahil madali siyang kapitan ng sakit kapag nauulanan.

"Tumawag ka agad kung may kailangan ka, anak," paalam ng kanyang ama pagkatapos niyang humalik sa pisngi nito. Katulad ng kanyang ina, hindi rin ito makatingin nang diretso sa kanyang mga mata at malamig din ang mga labi nito.

Nang maiwan siya, nakakita siya ng isang maliit na tindahan kaya nagpasya siyang bumili kahit na biskwit at tubig na maiinom man lang.

"Pabili nga po ng tatlong biskwit na ito," sabi niya sabay turo sa laman ng isang garapon. "Saka tubig na rin po."

Titig na titig ang matandang babaeng tindera sa kanya ngunit kumukuha na ito ng biskwit na siyang itinuro niya.

"Kaanu-ano mo 'yung naghatid sa 'yo kanina lamang?" usisa ng matanda na ikinakunot ng noo ni Kristina.

"Papa ko po. Bakit po?" tanong niya kahit na may pag-aalinlangan.

Walang anu-ano, kumuha ang babae ng kung ano mula sa maliit na bag nito at agad iyong iniabot sa kanya.

Nagtatanong naman ang mga mata ng dalaga nang malaman niyang luya iyon

na nahiwa.

“Lagi mong ilalagay ’yan sa bulsa mo at baka ’ka ko inililigaw ka. Magdasal ka,” sabi nito. Sasagot pa sana siya nang sumigaw ang isang driver na nakatoda na.

“Isa na lang at paalis na!”

Nagpasalamat na lamang siya sa matanda at nagmamadaling tumungo sa sakayan.

Nang makasakay na siya ay halos kalahating oras lang naman ang biyahe bago siya nakarating sa kanyang paroroonan na siyang sinabi niya mismo sa driver.

Mag-isa na lang siya sa tricycle at halos lahat ng nakasabay niyang pasahero ay malapit lang pala ang babaan. Halos liblib pala ang bahay kung saan sila patungo.

Mayamaya pa ay tumigil na ang sasakyan at nagsalita ang driver. “Sigurado ka ba sa address na bababaan mo?” tanong nito ngunit hindi nakatingin sa kanya bagkus ay sa daan lamang na sa sandaling iyon ay walang katao-tao.

Inilinga-linga naman ni Kristina ang

kanyang ulo sa paligid at nakita niya ang isang poste na may pangalan ng daan. Nasa Katiko na nga siya kaya agad siyang tumango sa driver.

Parang hindi ito mapalagay ngunit ngumiti na lamang nang alanganin. "Hindi na ako makakapasok diyan, kasi mahirap mag-backing. Dito na lang, ha?" sabi nito.

At kahit pa ayaw ni Kristina ay wala naman siyang magagawa kung ganoon ang sitwasyon.

Tutal ay maaga pa naman, ayos lang din at lalakarin na lamang niya. Sa tingin naman niya ay malapit na lang din ang bahay ng lolo at lola niya. Binigyan niya ng sandaan ang driver dahil iyon lang naman ang hiningi nito sa kanya.

Habang tinatahak ang daan bitbit-bitbit ang kanyang di-kabigatan na bag sa kanyang balikat ay hindi niya napigilang mapailing.

Sinumlan na rin niyang kainin ang kanyang biniling biskwit dahil hindi siya makakain kanina sa loob ng tricycle dahil sa sikip doon.

Habang kumakain ay nakapa niya ang bukol sa kanyang bulsa, iyon ang luyang ibinigay sa kanya ng matanda sa tindahan. Hindi siya pamilyar sa mga pamahiin ngunit wala rin namang mawawala sa kanya kung susundin niya ang sinabi nito sa kanya. Ni hindi niya man lang naitanong kung bakit nito tinatanong kung sino ang kasama niya kanina.

Sana ay nagbabakasyon si Kristina ngayon, imbis na nagpapakahirap para sa isang bagay na ngayon lang niya makikita. Ngunit sa kabila niyon, naisip niyang panahon na ring makilala niya ang mga matatanda. Makakabuti iyon sa kanya.

Dinukot niya ang kanyang cellphone mula sa bulsa ng kanyang bag at napamura siya nang makitang wala siyang signal. Gusto niya sanang tawagan ang kanyang tiya upang sabihin kung saan siya naroroon. Hindi niya kasi iyon nagawa kanina dahil minamadali siya ng kanyang ina.

Pinangako niya sa sarili na maghahanap siya ng signal mamaya

pagkarating na pagkarating niya sa bahay ng kanyang lola at lolo.

Napakamot si Kristina sa batok nang halos mapagtanto niyang ilang minuto na siyang naglalakad ay wala pa siyang nakikitang kahit ni isang bahay. Namamawis na rin siya sa kalalakad, ngunit patuloy pa rin siya.

Napangiti siya nang may nakita na siyang tila maliit ngunit may ikalawang palapag na bahay. Kawayan ang halos lahat ng ginamit na materyales dito maliban sa bubong. May matandang lalaki na nagwawalis sa labas ng bahay at marahil ay makakapagtanong siya rito.

“Magandang umaga ho, p’wede ho bang magtanong?” bungad ni Kristina nang nasa harapan na siya mismo ng bahay.

Natigilan ang nakatalikod at nakayukong matandang lalaki at napahinto sa ginagawang pagwawalis.

Dahan-dahan itong umayos sa pagkakatayo at noon lamang napansin ng dalaga ang katangkaran nito kahit pa payat ito. Lumingon ito sa kanyang gawi

at kapansin-pansin din ang lubog nitong mga mata na may kapulahan at ang maiitim nitong mga ngipin, maging ang tila malalagkit nitong laway nang ngumiti ito sa kanya.

*"Naimbag met nga bigat, Neng. Apay anya ajay?"* anito at hindi alam ni Kristina kung ano ang isasagot dahil hindi niya ito maintindihan kahit pa alam niyang Ilokano ang diyalektong iyon.

Napansin din ng matanda ang kanyang pagkalito kaya napakamot ito sa likod ng ulo na halos wala nang buhok at iilang mga hibla na lamang ang natira.

"Pasensya ka na, ineng. Akala ko ay nakakaintindi ka. Ngunit tila naliligaw ka yata?" puna ng matanda matapos pasadahan ng tingin ang kanyang kabuoan.

Pinahid niya ang namumuong pawis sa kanyang noo gamit ang likod ng kamay niya at saka tumango. "Parang ganoon na nga po. Hinahanap ko po kasi sina Lolo Pilo at Lola Mauring, baka 'ka ko kilala ninyo po sila?" tanong niya at tila natigilan naman ang matanda.

Mayamaya pa ay may sumigaw at tila patungo sa kanilang direksyon. “Pilo! May tao ba riyan?” sigaw ng isang matandang babae.

Lumabas ang di-katabaang babae na may payong na dala-dala na mukhang ginawa nitong tungkod habang paglalakad. Nahinuha ng dalaga ang hirap nito sa paglakad at kapansin-pansin din ang lubog nitong mga mata at ang puting-puti nitong buhok.

Kung hindi siya nagkakamali ay tinawag ng babaeng matanda ang taong nasa harap niya ng ‘Pilo.’

Pinasadahan ng tingin ng matandang babae si Kristina at unti-unting may sumilay na ngiti sa maninipis nitong labi. Maiitim na rin ang mga ngipin nito at tila malagkit din ang laway na kumikinang sa pagngiti nito.

“Ina?” mahinang sambit ng matanda katamtaman lang, tama lang para marinig niya iyon.

“Kristina po,” sagot ng dalaga at tila hindi na niya alam kung ano ang kanyang gagawin dahil naiilang siya sa mga tingin

ng matandang lalaki.

"Ako si Lola Mauring at ito naman si Lolo Pilo mo," pakilala ng matanda na ngayon ay lumalakad na palapit sa kanya.

Hindi siya makapaniwala kaya at nagpalinga-linga pa siya para tingnan kung mayroon pang mga bahay na makikita roon, ngunit tila matataas na mga damuhan at puro kakahuyan na lamang ang naroroon.

Nang lingunin ulit ni Kristina ang dalawa ay halos pumalya ang pagtibok ng kanyang puso; halos nasa harapan na niya mismo ang mga ito at dilat na dilat pa ang mga mata at banat na banat ang mga labi sa pagkakangiti.

"Apo, pumasok ka na."

# TATLO

Nag-aayos na si Kristina ng kanyang mga gamit sa loob ng kuwarto kung saan siya itinuro. Hindi niya malaman ang gagawin o iisipin; kung tama nga ba ang kanyang naging desisyon. May bahagi kasi sa kanya na nagsasabing dapat muna niyang tawagan ang kanyang tiya o ang mga magulang, ngunit wala namang signal sa kanyang kinaroroonan.

Nasa ikalawang palapag siya at kung titingin naman siya sa papag na kanyang kinatatayuan ay halos kita niya ang nasa ibaba dahil yari nga lang ito sa kawayan.

Ang buong akala rin ng dalaga ay maaabutan niya pa ang bantay ng dalawang matanda, ngunit mukhang nakaalis na ito. Hindi man lang sila nagkita upang makumpirma niya man lang sana na nasa tamang lugar nga siya. Gusto niyang sabunutan ang sarili dahil sa kung anu-anong pumapasok sa kanyang isipan.

“Huwag kang gagawa ng kung ano man, Kristina,” bulong niya sa sarili.

Nang makita niyang ayos na ang lahat ay agad niyang kinuha ang kanyang cellphone at sinilip kung may signal na. Laking tuwa niya na kahit papaano ay may isang bar ng signal sa kanyang puwesto sa itaas ng bahay.

Lumapit siya sa bintanang yari rin sa kahoy at binuksan ito. Tanaw mula sa kanyang kinatatayuan ang labasan kung saan siya tumayo kanina upang magtanong.

Mayayabong ang mga puno pati mga kawayan na kahit saan lang makikita. Halos palayan na rin ang ilang mga dako at matataas ang mga damo, ngunit malamig sa lugar kung nasaan siya ngayon.

Agad siyang tumipa sa kanyang keypad upang i-text ang mga magulang niya, ganoon na rin ang kanyang tiyahin.

Tumitingkayad pa ang dalaga habang sine-send ang text. “Ang hirap ng signal dito,” bulong niya nang makitang nai-send na niya ang mga mensahe.

Natigilan siya sa kanyang ginagawa nang narinig niyang tinatawag siya.

“Ina? Tara, kumain ka na muna at hindi pa rin naman kami kumakain,” anyaya sa kanya ni Lola Mauring. Kasabay niyon ang mga tunog ng mga plato at kutsarang hinahanda sa ibaba.

“Ahm, susunod na po ako, Lola. Tatapusin ko lang po ito,” aniya.

Napabuntong-hininga siya habang nagtutuloy ng pag-aayos ng gamit; hindi siya gaanong sanay makisalamuha sa ibang tao. Oo nga’t hindi ibang tao ang kanyang lolo at lola, ngunit ngayon pa lang niya ito nakilala kaya parang mga estranghero pa rin ang mga ito sa kanya. Marahil ay kailangan niya ring ibahin ang kanyang kinagisnan kahit sa maliliit na paraan.

Nang makababa na si Kristina, agad

siyang tumungo sa kusina at dahil maliit lang naman ang bahay ay hindi naman niya iyon ikakaligaw. Nakapuwesto na pala ang dalawang matanda at tila hinihintay na lamang ang kanyang pagbaba.

Humila siya ng bangko at agad na umupo.

“Sana ay kumakain ka ng bopis, apo,” sabi ni Lolo Pilo nang alisan niya ng takip ang halos umuusok na ulam sa kanilang harapan.

Halatang bagong luto lang ito, ganoon na rin ang kanin.

Tumango ang dalaga kahit na hindi naman talaga sila nag-uulam ng ganoon sa bahay ng kanyang tiya. Bawal siyang mag-inarte dahil alam niyang inihanda iyon ng matatanda iyon para sa kanya, kahit alam niyang walang-wala namang pera ang mga ito.

Sumandok na siya ng kanin pati na rin ulam at nagsimula nang kumain. Napansin ng dalaga ang pagkakamay ng dalawang kasalo sa pagkain at siya lamang ang gumagamit ng kubyertos. Halos hindi rin malulon ng dalaga ang kanyang nginunguya dahil sa ingay ng

mga bagang at pagnguya ng dalawa sa hapag.

“Mabuti naman at napapasyal ka rito, apo. Ilang taon ka na rin naming hinihintay,” sambit ni Lola Mauring kahit na may pagkain pa sa bibig nito. Kitang-kita rin ng dalaga ang pagtalsik ng kanin at laway ng matanda patungo sa kanyang pinggan.

“Susunod din po sina Mama at Papa rito,” sagot ng dalaga at nagkatinginan naman ang mag-asawa na para bang nag-uusap ang kanilang mga mata.

Tumango ang matandang babae at ngumisi. “Susunod din ang mga iyon, Ina. Kumain ka nang kumain ha, huwag kang mahiya dahil ang bahay na ito ay bahay mo na rin kahit na medyo maliit lamang,” sabi nito.

Ngumiti si Kristina.

“Opo,” tipid niyang sagot saka tiningnan ang kaning halos malamig na at ang isang kutsarang bopis na inilagay niya sa tabi ng kanyang kanin.

Nagdadalawang-isip siya kung kakainin niya ba ang ulam o hindi. Sa huli ay kinain niya lamang ito nang hindi

gaanong nginunguya at agad ding nilunok kasama ng kanin. Kailangan niya rin kahit papaano ng lakas dahil na rin sa kanyang nilakad kanina at tanging biskwit lamang at tubig ang laman ng kanyang tiyan. Madali pa naman siyang mahilo kapag hindi siya nakakain sa wastong oras o hindi gaanong sapat ang kanyang kinain.

"Kumusta naman ang pag-aaral mo?" tanong ng matandang lalaki at kitang-kita ng dalaga ang pagtalsik ng kanin mula sa bibig nito at ang mga karneng naiwan sa gilagid ng maiitim nitong mga ngipin.

Hindi na lamang ito pinansin ng dalaga at nakatingin na lamang siya sa kanyang pinggan. "Ayos lang po, Lolo. Medyo mahirap po pero kinakaya," sagot niya at ilang subo na lang ay ubos na ang nasa kanyang pinggan at maaari na siyang pumanhik sa itaas at magpahinga.

"Naku! Ganyan talaga ang nag-aaral, Ina. Ngunit pasasaan ba at makakapagtapos ka rin sa iyong pag-aaral. Ano ba'ng gusto mong trabaho?" usisa ni Lolo Pilo sabay subo ng kanin.

"Balak ko po sanang maging teacher dahil iyon naman talaga ang gusto ko

noon pa. Okay rin po ang suweldo kaya alam ko pong mabubuhay ko rin ang sarili ko roon," sagot niya.

Praktikal kung mag-isip si Kristina dahil alam niya kung ano ang ibig sabihin ng salitang 'mahirap.' Hindi naman masyadong mataas ang gusto niya para sa sarili; gusto lang niya na kahit paaano ay hindi siya magiging salat sa salapi.

"Maganda ang napili mo, Ina, at tiyak ako na maaabot mo ang pangarap mong iyan," wika ni Lola Mauring bago lumagok ng tubig.

Iinom na rin sana si Kristina ng tubig nang mapansin niyang tila manilaw-nilaw ang likido. O dahil lamang ba iyon sa repleksyon sa baso? Sa huli ay hindi siya uminom. Iinom na lamang siya sa itaas kung saan naroon ang kanyang biniling tubig.

Gabi na at handa na siyang matulog.

Binigyan din siya ni Lola Mauring ng kumot, kulambo, at mga unan. Sa ibaba ng bahay natutulog ang dalawa; hirap na kasing umakyat ng hagdan si Lola

Mauring dahil sa nirarayumang tuhod dala ng katandaan.

Napasilip si Kristina sa kanyang cellphone para i-check kung may bagong mensahe ba siya, ngunit wala siyang natanggap ni isa.

Napatingin siya sa signal bar at natuklasang wala man lang signal ni isa. Susubukan na lamang niya siguro bukas ng umaga. Hindi man lang sinabi sa kanya ng kanyang mga magulang na walang signal sa lugar na kanyang pupuntahan.

Sa huli ay natulog na lamang siya dala na rin ng kanyang pagod. Nasa himbing ng pagkakatulog ang dalaga nang tila may naamoy siyang masangsang na parang dahan-dahang pumapasok sa kanyang sikmura at nakasusulasok iyon kaya parang maduduwal siya.

Nang imulat niya ang kanyang mga mata ay halos maputol ang kanyang paghinga at para bang hindi siya makagalaw sa kanyang pagkakahiga. Dilat na dilat ang mga mata niya at taas-baba rin ang kanyang dibdib dahil sa takot.

Nasa harapan niya si Lola Mauring

at nakangiti ito; kitang-kita ang maiitim nitong mga ngipin at para bang tutulo ang laway nito.

Paano nakaakyat ang matanda kung gayong ay hindi nga nito kaya? Buong puwersa niyang iginalaw ang kanyang ulo dahil tila may nagsasabing tumingin siya sa ibaba ng kama. At doon ay nakita niya sa hindi gaanong nakadikit na kawayan ang mukha ni Lolo Pilo. Mula sa silong, nakatingala ito at nakatingin na mismo sa kanya. Gusto niyang sumigaw ngunit hindi man lang niya maibuka ang bibig. Pulos paghinga lamang ang kanyang ginagawa at taas-baba, taas-baba ang kanyang dibdib sa kaba.

Pilit niyang ibinubuka ang kanyang bibig at nang mabuksan niya ito sa hindi gaanong kalakihan ay pilit siyang sumigaw.

Halos mapapikit na siya sa kasisigaw ngunit walang boses na lumalabas sa kanyang bibig. Para ring hinuhugot siya ng antok dahil gustong pumikit ng kanyang mga mata at tila bumabagal ang pagtibok ng kanyang puso.

Pikit na pikit si Kristina dahil amoy

at dama niya ang paglapit ng mukha ng matanda.

May naririnig din siyang mga yabag na para bang paakyat sa hagdang gawa sa kawayan.

Alam niyang wala iyong iba kundi si Lolo Pilo.

Humugot sjya ng lakas at nagbilang ng tatlo, balak niyang kumaripas ng takbo.

Isa…

Papalapit na ito nang papalapit!

Dalawa…

Nakakaramdam na si Kristina ng lamig!

Tatlo!

Biglang nagising ang dalaga at napasapo sa noo nang madamang pawisan iyon. Butil-butil na pawis ang namumuo roon at napansin niya rin ang pagkabasa ng kanyang unan.

Panaginip lang pala ang lahat.

# APAT

Magtatatlong araw na ay wala pa rin ang mga magulang ni Kristina. Ayon sa sinabi ng mga ito, dapat ay dalawang araw lang siyang mananatili sa bahay na iyon. Ilang araw na rin siyang nagkakaroon ng masamang panaginip at laging ang kanyang Lola Mauring at Lola Pilo ang laman ng mga iyon. Hindi niya maintindihan ang kanyang nararamdaman; para bang hinahalukay ang kanyang sikmura at paminsan-minsan ay naglalaway siya... malagkit na laway.

Ayaw na niyang tumagal pa roon at kung maaari ay lalayas na lamang siya kapag nakahanap siya ng pagkakataon. Nakakaramdam kasi siya na parang may mga matang laging nakaantabay sa kanya at hindi siya makakilos nang maayos. Para bang laging may nagmamasid sa kanyang mga galaw kahit nasaan man siya.

"Sana pala hindi na lang ako pumayag na umuwi rito," bulong ni Kristina habang nagpupunas ng  butil-butil na pawis na namumuo sa kanyang noo. Ramdam niya rin na tila namumutla siya at kita niya iyon sa repleksyon niya sa isang maliit na salamin.

Para rin siyang tumatamlay kada lumilipas ang mga araw at lagi ring bopis ang kanilang pagkain sa hapag kaya halos isuka na iyon ng dalaga. Gayunpaman, hinahanap-hanap iyon ng kanyang sikmura.

Wala pa rin siyang natatanggap na text messages galing sa kanyang mga magulang at maging sa kanyang tiyahin. Halos wala na ring signal sa kinaroroonan niya.

Kahit na matamlay at halos wala nang enerhiya ang buong katawan niya ay sinubukan niyang umakyat sa bubungan ng bahay dahil naniniwala siyang may signal doon. Nakakaramdam na siya na tila may mali sa kanyang paligid. Kung sana ay sinunod niya na lamang ang kanyang kutob na huwag na lamang tumuloy, siguro ay hindi siya nakakaramdam ng ganito. Para kasing may humahatak sa kanya noon para pumasok sa loob ng bahay.

Hindi naman siya gaanong nahirapan sa pag-akyat at dahan-dahan niya iyong ginawa upang hindi makalikha ng anumang ingay na ikakukuha ng atensyon ng dalawang matanda sa ibaba. Abala na naman kasi ang dalawa sa pagluluto ng bopis. Hindi niya alam kung bakit inaraw-araw na ng mga ito ang pagluluto ng nabanggit na ulam. Habang tumatagal nang tumatagal kasi ay paitim nang paitim ang karne na kanilang niluluto na para bang dinuguan na ang hitsura nito at puno ng mantika. Hindi iyon kaaya-ayang kainin ngunit nagagawa niya pa

rin iyong lunukin dahil hinahanap iyon ng kanyang sikmura.

Higit pa roon ang napapansin niya sa kanyang katawan. Tila ba nabubukbok ang kanyang mga bagang at nangingitim na ang mga iyon. Gusto niyang masuka sa kanyang kalagayan pero hindi niya magawa. Walang lumalabas sa kanyang sikmura kahit na kumain naman na siya. Para na ring naninilaw ang kanyang mga tingin at hirap siyang magbasa. Mangiyak-ngiyak siya sa tuwing mag-isa siya. Gusto na niyang umuwi sa lalong madaling panahon. Hindi na niya kaya pang hintayin ang kanyang mga magulang dahil tila hindi naman na susunod ang mga ito sa lugar kung nasaan siya.

O baka kaya nagkamali siya ng lugar na napuntahan. Minsan naisip niyang baka nagkukunwari lamang ang dalawang matanda na ang mga ito ang lolo at lola niya, ngunit wala naman siyang binanggit na mga pangalan nang una silang magkita. Sila pa nga mismo ang nagpakilala sa kanilang sarili kaya agad siyang tumugon sa mga ito. Kung matatawagan niya lang

sana ang kanyang tiya, tiyak na wala siyang magiging problema.

Nang tuluyan siyang makaakyat sa bubong ay halos tumalon ang puso niya sa tuwa sa nakita niyang isang bar ng signal sa cellphone niya.

"May signal na," napapaos niyang sambit, ngunit nakita niyang halos pa-low batt na ang kanyang phone. Hindi rin kasi siya nakapag-charge dahil hindi niya makita kung nasaan iyon, kahit sa pagkatanda niya ay sa bulsa lamang ng kanyang bag niya ito inilagay. Malakas din ang kutob niya na may nakikialam ng kanyang mga gamit.

Agad niyang tinipa ang numero ng kanyang tiyahin at tinawagan iyon bago pa maubos ang baterya ng kanyang telepono. Nanginginig ang kanyang mga kamay habang ginagawa ito at tila nagdadalawa ang kanyang paningin. Pakiramdam niya rin ay para siyang mahuhulog mula sa kanyang kinatatayuan, kailangan niya pa kasing tumingkayad upang makasagap ng magandang signal. Hinihintay niya na lamang na mag-ring ito at ramdam niya

na rin na namamawis na ang kanyang likod habang malamig na pawis naman ang namumuo sa noo niya. Nanlalamig ang pawis niya ngunit ramdam ni Kristina na mainit ang loob ng kanyang katawan.

Bigla siyang nabuhayan ng pag-asa nang marinig na nagri-ring na ang kanyang tinatawagan. “Sumagot ka, Tiya, please... please sagutin mo,” pagkausap niya sa cellphone habang nakatingala siya rito at nanginginig na rin ang kanyang kamay sa kakataas niya. Ngunit kailangan niyang indain ang sakit ng pangangalay.

Nakakailang ring na ay hindi pa rin sumasagot ang kanyang tiyahin. Lumingon-lingon siya dahil baka biglang dumating ang dalawang matanda, ngunit wala naman.

Napatingin din siya sa ibaba at baka naroon at nagwawalis lamang ang mga ito, pero wala rin. Masyadong tahimik ang bahay. Tahimik ngunit nakakaramdam siya ng pangamba dahil hindi naman dapat ganoon katahimik.

Tiningnan ulit ng dalaga ang kanyang cellphone, at hindi pa rin sumasagot ang

tiyahin.

“Sagutin mo na,” mangiyak-ngiyak siyang nagsusumamo at todo-nginig na rin ang kanyang kamay. Hindi na niya kaya dahil parang mahuhulog na siya mula sa kanyang kinaroroonan.

Nilingon niya ulit ang kanyang kanang direksyon, sinisigurong wala roon ang dalawa, pagkatapos ay sa kaliwa naman. Tumatambol-tambol ang kanyang puso sa kaba dahil para bang nakikipaglalaro siya ng taguan sa dalawa. Halos mabingi siya sa lakas ng kabog ng kanyang dibdib at namamalat na ang kanyang lalamunan. Para ring mahapding-mahapdi ang kanyang mga mata sa tuwing pumipikit-pikit siya.

*‘The number you have dialed is either unattended or out of coverage area.’* Iyon lamang ang narinig ni Kristina sa kanyang cellphone at para siyang nauupos na kandila na nawalan ng pag-asa dahil kasunod niyon ay ang pagkamatay ng power ng telepono. Ibig sabihin ay ubos na ang baterya nito.

Nanginginig ang kanyang mga labi at

nag-iinit ang mga mata. Hindi niya na rin alam kung normal pa rin ang kanyang paghinga. Nang dahan-dahan niyang ibaba ang kanyang kamay ay tila may naririnig siyang mahinang sitsit.

Unang sitsit...

Lumingon si Kristina sa kaliwa ngunit wala.

Ikalawang sitsit...

Lumingon siya sa kanan at wala pa rin.

Ikatlong sitsit...

Yumuko si Kristina at sumilip sa ibaba, ngunit wala rin.

Nararamdaman niyang nasa malapit lamang ang sumisitsit at isang direksyon na lamang ang hindi niya pa nililingon.

Ikaapat na sitsit...

Parang nanigas si Kristina dahil ang pang-apat na sitsit ay may kalakasan. Alam niya na kung saan iyon nanggagaling. Ni hindi niya kayang lumingon dahil ramdam na niya ang mga titig nito sa kanya, ngunit tila hinihila siyang lingunin ito.

"Psst! Apo..."

Doon bigla na lamang natumba si Kristina at nilamon ng kadiliman ang kanyang kamalayan.